

# Nag-aalala Tungkol sa Pagsisimulang Pumasok sa Paaralan

Bagama't hindi mo palaging malalaman kung ano ang iniisip ng iyong anak, may posibilidad na nasasabik siya at kinakabahan sa pagsisimulang pumasok sa paaralan. Balikan ang mga naisip mo at naramdaman noong unang beses kang pumasok sa paaralan. Narito ang listahan ng ilang alalahaning maaaring mayroon ang mga bata.

- Sino ang makikipaglaro sa akin ?
- Paano kung mawala ako?
- Kanino ako makakahingi ng tulong?
- Saan ko ilalagay ang aking coat at bag?
- Nami-miss ko ang aking Nanay at Tatay.
- Paano kung makalimutan ng driver ng bus kung saan ako nakatira?
- Paano kung tanungin ako ng guro at hindi ko alam ang sagot?
- Natatakot akong pumunta sa banyo.

Maaaring mahirapan ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan na ipahayag ang kanilang mga takot at alalahanin sa pagsisimulang pumasok sa paaralan. Bilang magulang, matutulungan mo ang iyong anak sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanya kung ano ang maaasahan sa paaralan upang maging pamilyar siya dito at sa lahat ng bagay na magugustuhan niya sa pag-aaral. Maaari ka ring mag-plano upang harapin ang kanyang mga takot at pagkabalisa. Kung masyadong nababalisa ang iyong anak tungkol sa paaralan na naaantala na ang kanyang karaniwang pagkain, pagtulog o mga pagpunta sa banyo, mangyaring makipag-ugnayan sa isang

propesyonal.

Kadalasang may mga inaalala rin ang mga magulang. Katanggap-tanggap ito dahil maaaring magdala ng mga pagbabago sa palaging ginagawa ng pamilya ang pagkakaroon ng anak na magsisimulang pumasok sa paaralan. Maaaring bumalik sa trabaho ang mga magulang na dating nasa bahay kasama ang kanilang anak. Gayundin, maaari kailangang baguhin ang mga pagsasaayos ng pangangalaga sa bata pagkatapos pumasok sa paaralan. Bilang magulang ng batang may mga espesyal na pangangailangan, maaaring iniisip mo rin ang tungkol sa kung paano “makikibagay” sa paaralan ang iyong anak.

Mahalagang tandaan na imposibleng ihanda ang iyong anak para sa bawat bagong karanasan na haharapin niya sa paaralan. Nangyayari ang karamihan ng ating pagkatuto sa pagkabata at pagtanda kapag humaharap tayo sa hindi inaasahan. Magkakaroon ang iyong anak ng mga araw na uuwi siya sa bahay na punong-puno ng pananabik, gustong-gustong ipakita sa iyo ang larawang kanyang ipininta, o kung paano niya nasusulat ang kanyang pangalan.

Magkakaroon din ang iyong anak ng mga araw na uuwi siya sa bahay na nabigo sa mga bagay na nahihirapan siyang matutunan. Sa mga ganitong panahon, mahalagang kilalanin ang pagkabigo ng iyong anak at purihin siya para sa kanyang mga pagsusumikap. Maaari mong ipaalam sa kanya na iba't iba ang tagal ng pagkatuto ng lahat ng tao at OK lang kung nangangailangan siya ng mas matagal na panahon bago matutunan ang isang bagong kasanayan. Kung malaman mong mas madalas nakakaramdam ng pagkabigo kaysa hindi ang iyong anak, maaaring nais mong makipag-usap sa kanyang guro upang malaman kung ano ang maaaring dahilan. May pagbubukod man o wala, iba't iba ang antas ng pagkakaiba ng lahat ng bata sa isa't isa. Ang bawat bata ay may natatanging kumbinasyon ng mga kakayahan at pangangailangan, interes at takot, at tagumpay at pagkabigo. Ang mga indibidwal na pagkakaibang ito ay makikita sa kabuuan ng ating mga buhay at bahagi ng ugali ng tao.

Panghuli, palaging maglaan ng panahon upang mag-relax at magsaya kasama ang iyong anak at ang kanyang mga kapatid. Kapag pumunta

kayo sa parke, magkasamang naghanda ng pagkain, o nag-renta ng pelikula, ipinapakita mo sa iyong mga anak na ang iyong pagmamahal ay hindi nakabatay sa kanilang nakamit sa paaralan.